


# Filipino

## Ikalawang Markahan–Modyul 12: Paggamit ng Iba’t Ibang Salita Bilang Pang-uri at Pang-abay sa Pagpapahayag ng Sariling Ideya



**Filipino – Ikaanim na Baitang  
Alternative Delivery Mode**

**Ikalawang Markahan – Modyul 12: Paggamit ng Ibat-Ibang Salita Bilang Pang-uri at  
Pang-abay sa Pagpapahayag ng Sariling Ideya**

**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon

Kalihim: Leonor Magtolis Briones

Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

<b>Manunulat:</b>	Mary Grace G. Sericon	Lanie G. Albania
<b>Editor:</b>	Gemma B. Obsiana	
<b>Tagasuri:</b>	Catherine D. Diaz	Junry M. Esparar
	Celestino M. Dalumpines IV	
<b>Tagaguhit:</b>	Jeffrey P. Julian	
<b>Tagalapat:</b>	Raymund D. Magbanua	
<b>Tagapamahala:</b>	Gemma M. Ledesma	
	Salvador O. Ochoa, Jr.	
	Elena P. Gonzaga	
	Donald T. Genine	
	Celestino S. Dalumpines IV	
	Segundina F. Dollete	
	Shirley A. De Juan	
	Merlie J. Rubio	

**Inilimbag sa Pilipinas ng Department of Education – Region VI**

Office Address: Duran Street, Iloilo City

Telefax: (033) 336-2816 (033) 509-7653

E-mail Address: region6@deped.gov.ph

# **Filipino**

## **Ikalawang Markahan–Modyul 12: Paggamit ng Iba’t Ibang Salita Bilang Pang-uri at Pang-abay sa Pagpapahayag ng Sariling Ideya**

## **Paunang Salita**

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



## Alamin



**K**umusta ka na kaibigan? Naaalala mo pa ba ako? Ako ang iyong kaibigang si Kokoy na makakasama mo sa iyong paglalakbay. Binabati kita dahil natapos mo ang nakaraang modyul. Ipagpatuloy natin ang ating paglalakbay patungo sa karunungan sa panibagong modyul na ito.

Handa ka na ba? Natitiyak kong nasasabik ka na muling matuto. Kaya tara na!

**N**agiging makulay ang ating pagpapahayag sa pamamagitan ng mga salitang ginagamit natin. Nakatutulong ang mga salitang ito para maipahayag natin ang ating mga ideya o nais sabihin.

Sa modyul na ito ay matututuhan mo ang paggamit ng iba't ibang salita bilang pang-uri at pang-abay sa pagpapahayag ng sariling ideya.

Pagkatapos ng aralin, inaasahang taglay mo ang kasanayang:




- nagagamit ang iba't ibang salita bilang pang uri at pang-abay sa pagpapahayag ng sariling ideya

**P**aalala kaibigan na ang bawat bahagi ng modyul na ito ay nagtataglay ng mga gawain na susubok sa iyong kakayahan. Huwag kang mag-alala dahil naririto naman ako at nakahandang gumabay sa iyo. Sundin mo lang ang aking mga panuto at gawin nang buong husay ang mga gawain. Handa ka na ba? Tayo na!



## Subukin

**Panuto:** Bumuo ng pangungusap na nagpapahayag ng iyong sariling ideya tungkol sa bawat larawan. Gamitin ang mga pang-uri at pang-abay na nasa loob ng panaklong sa pagbuo ng pangungusap.

Larawan	Sariling Pangungusap
	1. (masigasig)
	2. (araw-araw) 3. (totoo)
	4. (tahimik) 5. (laging malinis)

Ang larawan na ito ay iginuhit ni Jeffrey P. Julian



**M**ahusay kaibigan! Nagawa mong sagutin ang paunang pagtataya. Kaya naman, magpatuloy pa sa pagtuklas ng mga bagong kaalaman.

**Aralin**

**1**

**Paggamit ng Iba't Ibang Salita Bilang Pang-uri at Pang-abay sa Pagpapahayag ng Sariling Ideya**



***Balikan***

**Panuto:** Basahin at unawain ang maikling kuwento. Gawin sa iyong sagutang papel ang kasunod na gawain.

**PAG-IIPON**

Matipid na bata si Ali. Iniipon niya ang kaniyang pera sa bangko kaya mabilis itong lumaki. Siya ay tumutulong sa matandang tiyahin sa pagtitinda ng mga gulay sa palengke kung walang pasok. Nakapagtatabi siya ng pera pang-ipon sa bangko dahil sa natatanggap na bayad sa kaniyang pagtatrabaho.

Ipinagmamalaki si Ali ng kaniyang mga magulang dahil sa ugali nitong pagkamasinop sa pera. Maliban sa pagiging masipag sa trabaho at pag-aaral, isa rin siyang mapagmahal at maalalahaning anak.

Isang araw, nagkasakit ang kaniyang ama dahil sa pagtatrabaho sa bukid. Mabuti at may ipon siya kaya may nagamit siyang pampagamot sa kaniyang ama.

***Sariling katha ni Mary Grace G. Sericon***

Mula sa binasang maikling kuwento, kopyahin ang limang (5) pangungusap na may ugnayang sanhi at bunga. Sa pangungusap bilugan ang sanhi at guhitan ang bunga.

1. \_\_\_\_\_
2. \_\_\_\_\_
3. \_\_\_\_\_
4. \_\_\_\_\_
5. \_\_\_\_\_



## Tuklasin

**Panuto:** Basahin at unawain ang maikling katha. Sagutin ang mga kasunod na tanong sa iyong sagutang papel.

### Nais Kong Balikan



Ang larawan na ito ay iginuhit ni Jeffrey P. Julian

**Preskong-presko** ang pakiramdam ko dahil sa malamig na simoy ng hangin. **Payapa** ang aking kalooban sa **malawak** at **lunti**ang bukirang aking natatanaw. Masaya ako dahil nakabalik ako sa pook ng aking kabataan.

Dito kami dating naghahabulan kasama ang mga pinsan ko, habang hinihintay ang nilagang saging ng lola para sa aming meryenda. Hanggang ngayon ay parang nalalalahan ko pa rin ito. **Tunay** na matamis ang saging mula sa aming sagingan. Nakaka-*miss* ang panahong iyon.

Naaalala ko pa ang mga hinog na bunga ng kaimito na aking **matiyagang** inaakyat. **Palagi** akong pinapaalalahanan ng aking mga tiyo na huwag kong akyatin dahil baka ako'y mahulog. Ewan ko ba, parang may panghalina ang mga bungang iyon na hindi ko matiis at ako'y takam na takam kaya sinusuway ko ang aking mga tiyo. **Palihim** ko pa ring inaakyat ang puno habang wala sila.

Hitik sa karanasan ang aking kabataan. Ang dami kong nalaro. Nakapagpatintero ako, tumbang-pres, *chinese garter*, tagu-taguan, habulan at marami pang iba. **Pagod na pagod** ako sa paglalaro noon sa maghapon. **Basang-basa** man ako ng pawis, **napakasaya** ko naman at **kaysarap** ng aking pakiramdam.

**Nakatutuwang** balikan ang nakaraan. **Sadyang laging** nangingiti at naluluha pa rin ako kapag naaalala ko iyon. Gaya ngayong ako'y nariritong muli at parang hinehele sakay ng aking duyan. Nais kong makatulog upang kahit sa panaginip man lang ay muli akong makabalik sa aking kabataan.

**Sariling Katha ni Gemma B. Obsiana**



## Mga tanong:

1. Ano ang paksa ng iyong binasa?
2. Ano-ano ang mga alaalang nanumbalik sa tauhan nang makabalik sa kaniyang pook ng kabataan?
3. Ilarawan ang pook na kaniyang kinalakihan.
4. Anong damdamin mayroon ang tauhan habang inaalala ang pook ng kaniyang kabataan?
5. Pansinin ang mga nakaitalikong salita, paano ito ginamit sa tekstong binasa?



## Suriin

Balikan natin ang mga salitang ginamit sa iyong binasa. Suriin kung paano ito ginamit.

HANAY A	HANAY B
<ol style="list-style-type: none"><li>1. <b>Preskong-presko</b> ang pakiramdam ko.</li><li>2. <b>Payapa</b> ang aking kalooban sa <b>malawak</b> at <b>luntiang</b> bukiring aking natatanaw.</li><li>3. <b>Pagod na pagod</b> ako sa paglalaro.</li><li>4. <b>Basang-basa</b> man ako ng pawis, <b>napakasaya</b> ko naman at <b>kaysarap</b> ng aking pakiramdam.</li><li>5. <b>Nakatutuwang</b> balikan ang nakaraan.</li></ol>	<ol style="list-style-type: none"><li>1. <b>Tunay</b> na matamis ang saging mula sa aming sagingan.</li><li>2. Naaalala ko pa ang mga hinog na bunga ng kaimito na aking <b>matiyagang</b> inaakyat.</li><li>3. <b>Palagi</b> akong pinapaalalahanan ng aking mga tiyo na huwag kong akyat dahil baka ako'y mahulog.</li><li>4. <b>Palihim</b> ko pa ring inaakyat ang puno habang wala sila.</li><li>5. <b>Sadyang</b> laging nangingiti at naluluha pa rin ako kapag naaalala ko iyon.</li></ol>

### Paano ginamit ang mga salita sa Hanay A at Hanay B?

Mahusay! Ang mga salita sa Hanay A at Hanay B ay ginamit sa paglalarawan.

### Ano-ano ang mga halimbawa ng salitang inilalarawan sa Hanay A? Ano ang tawag sa mga salitang ito?

Sa pangungusap na: **Preskong-presko** ang pakiramdam ko. Inilalarawan ng salitang **preskong-presko** ang *pakiramdam*. Ang gamit ng salitang *pakiramdam* sa pangungusap ay pangngalan.

Sa pangungusap naman na: **Pagod na pagod** ako sa paglalaro. Inilalarawan ng salitang **pagod na pagod** ang *ako*. Ang tawag sa salitang *ako* ay panghalip.

Magaling! Inilalarawan ang mga salitang **pangngalan at panghalip** sa Hanay A.

**Ano-ano ang mga halimbawa ng salitang inilalarawan sa Hanay B? Ano ang tawag sa mga salitang ito?**

Sa pangungusap na: **Tunay** na matamis ang saging mula sa aming sagingan. Inilalarawan ng salitang **tunay** ang *matamis*. Ang tawag sa *matamis* ay salitang naglalarawan o pang-uri.

Sa pangungusap na: Naaalala ko pa ang mga hinog na bunga ng kaimito na aking **matiyagang** inaakyat. Inilalarawan ng salitang **matiyagang** ang *inaakyat*. Ang tawag sa *inaakyat* ay salitang kilos o pandiwa.

Sa pangungusap na: **Sadyang** laging nangingiti at naluluha pa rin ako kapag naaalala ko iyon. Inilalarawan ng salitang **sadyang** ang *laging*. Ang tawag sa salitang *laging* ay pang-abay.

Tama! Ang mga salitang inilalarawan sa Hanay B ay **pandiwa, pang-uri, at pang-abay**.


Napakahusay mo! Natukoy mo ang mga salitang inilalarawan sa bawat hanay at nabanggit ang tawag sa mga ito. Ano naman kaya ang tawag sa mga salitang ito na naglalarawan?

Ang tawag sa mga salitang naglalarawan sa Hanay A ay **pang-uri**.

Ang tawag naman sa mga salitang naglalarawan sa Hanay B ay **pang-abay**.

Suriin ang pagkakaiba ng gamit ng mga salitang pang-uri at pang-abay sa ibaba.

<b>PANG-URI</b>	<b>PANG-ABAY</b>
Mga salitang naglalarawan sa pangngalan at panghalip.	Mga salitang naglalarawan o nagbibigay-turing sa pandiwa, pang-uri at kapwa pang-abay.
Halimbawa:  1. <b>Preskong-presko</b> ang pakiramdam ko. 2. <b>Payapa</b> ang aking kalooban sa <b>malawak</b> at <b>luntiang</b> bukiring aking natatanaw. 3. <b>Pagod na pagod</b> ako sa paglalaro. 4. <b>Basang-basa</b> man ako ng pawis, <b>napakasaya</b> ko naman at <b>kaysarap</b> ng aking pakiramdam. 5. <b>Nakatutuwang</b> balikan ang nakaraan.	Halimbawa:  1. <b>Tunay</b> na matamis ang saging mula sa aming sagingan. 2. Naaalala ko pa ang mga hinog na bunga ng kaimito na aking <b>matiyagang</b> inaakyat. 3. <b>Palagi</b> akong pinapaalalahanan ng aking mga tiyo na huwag kong akyatin dahil baka ako'y mahulog. 4. <b>Palihim</b> ko pa ring inaakyat ang puno habang wala sila. 5. <b>Sadyang</b> laging nangingiti at naluluha pa rin ako kapag naaalala ko iyon.



## Pagyamanin

**Panuto:** Bumuo ng isang maikling sanaysay na naglalarawan tungkol sa larawan sa ibaba. Gumamit ng pang-uri at pang-abay sa iyong pagsulat. Guhitan ang mga pang-uri at bilugan naman ang mga pang-abay sa iyong sinulat. Gawin ito sa iyong sagutang papel.



Ang larawan na ito ay iginuhit ni Jeffrey P. Julian

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---



## **Isaisip**

**Panuto:** Kompletuhin ang pahayag sa talahanayan upang mabuo ang paglalahat mo ng iyong natutuhan. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

Ang aking mga natutuhan sa aralin ay _____ _____ _____	Mahalaga ang aking natutuhan tungko sa _____ _____ sapagkat _____
--	---



## **Isagawa**

**Panuto:** Sumulat ng isang maikling talata na nagpapahayag ng iyong ideya tungkol sa sitwasyon sa ibaba. Gumamit ng mga pang-abay at pang-uri sa iyong pagsulat. Salungguhitan mo ang **pang-uri** at bilugan ang **pang-abay**. Gawin mo ito sa iyong sagutang papel.

**Sitwasyon:**

Nagtatanong ang iyong bagong kaibigan kung ano-anong lugar sa iyong lalawigan ang magandang pasyalan dahil kapag wala ng COVID-19, plano niyang yayayain ang kaniyang mga magulang upang magkita kayo at makapamasyal sa iyong probinsya. Ano ang iyong mga sasabihin para mahikayat pa siyang lalo na pumunta sa iyong lugar?



## Tayahin

**Panuto:** Punan ng angkop na pang-abay at pang-uri ang patlang sa bawat bilang upang mabuo ang diwa ng mga pangungusap. Piliin sa kahon ang tamang sagot at isulat sa iyong sagutang papel.

**Pang-abay:** totoong patakbo madaling-araw dahan-dahan mabilis

1. Binuksan ng lola ang pinto nang \_\_\_\_\_.
2. \_\_\_\_\_ tumakbo ang kuya ni Leynel.
3. \_\_\_\_\_ siya'y may malubhang sakit.
4. \_\_\_\_\_ siyang lumapit sa akin.
5. Siya ay umaalis sa bahay nang \_\_\_\_\_.

**Pang-uri:** magagalang tahimik masarap mapurol matangkad

1. Pinahiram niya ako ng \_\_\_\_\_ na kutsilyo.
2. \_\_\_\_\_ palang babae ang kapatid niya.
3. \_\_\_\_\_ ang buhay sa nayon.
4. \_\_\_\_\_ ang mga bata.
5. Isang \_\_\_\_\_ na pananghalian ang iniluto ni nanay.



## Karagdagang Gawain

**Panuto:** Pumili ng isa sa mga paksa sa ibaba at sumulat ng isang talatang naglalarawan gamit ang mga pang-abay at pang-uri. Isulat ang talata sa iyong sagutang papel.

1. Ang Aking Pamilya
2. Ang Mga Ginawa ko noong *Enhanced Community Quarantine*
3. Ang Paborito Kong Guro



**B**inabati kita kaibigan sapagkat natapos at napagtagumpayan mo ang mga gawain sa modyul na ito. Nakatitiyak akong magagamit mo ang iyong napag-aralan sa pang - araw - araw na pamumuhay.

Muli tayong magkita sa Modyul 13: Pagtatala ng Datos Batay sa Binasang Teksto.

Sa muli, ito ang iyong kaibigang si Kokoy.

Paalam!



## Susi sa Pagwawasto

**Subukin (Posibleng Sagot)**

1. Masigasig sa paghahanapbuhay si Totoy.
2. Araw-araw, nagpapalimos ang batang si Boy upang may ipantustos sa kaniyang inang may sakit.
3. Totoong mahirap ang buhay ni Boy.
4. Tahimik ang aming pamayanan.
5. Laging malinis ang kapaligiran sa aming barangay.

**Balikan**

1. Imapon niya ang kaniyang pera sa bangko kaya mabilis itong lumaki.
2. Nakapagtatabi siya ng pera pang-ipon sa bangko dahil sa natatanggap na bayad sa kaniyang pagtatrabaho.
3. Ipinagamataki si Ali ng kaniyang mga magulang dahil sa ugali nitong pagkamasinop sa pera.
4. Isang araw, nagkasakit ang kaniyang ama dahil sa pagtatrabaho sa bukid.
5. Mabuti at may ipon siya kaya may nagamit siyang pampagamot sa kaniyang ama.

**Tuklasin**

1. Tungkol sa paggunita ng kaniyang kabataan.
2. Ang paghahabulan nila ng kaniyang mga pinsan, ang malamig na simoy ng hangin, ang pag-aakyat sa punong kaimito.
3. Malamig ang simoy ng hangin, malawak at luntiang bukirin, may mga hinog na bunga ng kaimito.
4. Masaya at emosyonal ang tauhan.
5. Ginamit ito sa paglalarawan sa mga salita.

**Pagymanin, Isasip at Karagdagang Gawain**

Iba-iba ang sagot ng mga mag-aaral, iwasasto ng guro gamit ang ihahandang rubrik.

**TAYAHIN**

Pang-abay: 1. dahang-dahan  
2. Mabilis  
3. Totoo  
4. Patakbo  
5. Madaling-araw

Pang-uri: 1. mapuro  
2. Matatagkad  
3. Tahimik  
4. Magagalang  
5. masarap

**Isagawa** (Halimbawang sagot, iwasasto ng guro gamit ang ihahandang rubrik)

Masasabi kong maganda at sagana ang aming lugar. Tinagurian itong "Sea Foods Capital of the Philippines" dahil sagana sa mga yamang dagat. Laging maraming turista dito. Masayang pinupuntahan ng mga turista rito ang mga sea foods na masarap na nakahain sa mga restaurant dito sa amin sa kahabanan ng Baybay Lungsod ng Roxas. Ang Lungsod ng Roxas ay ang kabisera ng Capiz

Maliban sa kabisera, sadyang marami pang magandang lugar ang maaaring puntahan dito. Tiyak na kukulangin ang isang buong araw para libutin ang buong lalawigan. Isa sa mga lugar na puwedeng bisitahin ay ang bayan ng Panay kung saan matatagpuan ang pinakamalaking kampkana sa Asya.

## ***Sanggunian***

- *Most Essential Learning Competencies 2020 (MELCs pahina 223)*
- *2016 Kto 12 Gabay Pangkurikulum*
- *Sariling katha*



**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex  
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: [blr.lrqad@deped.gov.ph](mailto:blr.lrqad@deped.gov.ph) \* [blr.lrpd@deped.gov.ph](mailto:blr.lrpd@deped.gov.ph)